

FILIPINO 5

Summative Test No. 1

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang denotasyon ng salitang 'haligi'?
 - A. Ama ng tahanan
 - B. Matibay na poste
 - C. Gabay ng pamilya
 - D. Simbolo ng lakas
2. Ano ang konotasyon ng salitang 'ilaw ng tahanan'?
 - A. Ilaw na gamit sa bahay
 - B. Ina ng pamilya
 - C. Liwanag ng araw
 - D. Pag-asa
3. Ano ang tawag sa bilang na ginagamit upang tukuyin ang dami ng bagay?
 - A. Panghalip
 - B. Pang-abay
 - C. Pang-uring Pamilang

D. Pang-ukol

4. Anong uri ng akda ang 'Ang Aking Pamilya'?

A. Kuwentong Katatakutan

B. Alamat

C. Tulang Pambata

D. Talambuhay

5. Ano ang tawag sa kaantasang pang-uri na nagpapakita ng 'pinakamataas' o 'pinakamababa'?

A. Lantay

B. Pahambing

C. Pasukdol

D. Pamilang

6. Ano ang ipinapakita ng tula tungkol sa pamilya?

A. Kahalagahan ng pera

B. Kahalagahan ng pamilya

C. Pagiging mag-isa

D. Pagiging malungkot

7. Sa kuwentong 'Aswang sa Baryo Sitenta', ano ang ibig ipahiwatig ng kilos ng tauhan na 'takot na takot'?

A. Matapang siya

- B. Wala siyang pakialam
 - C. Natatakot siya sa panganib
 - D. Naglalaro lamang
8. Ano ang kaibahan ng denotasyon sa konotasyon?
- A. Pareho lang ang kahulugan
 - B. Denotasyon ay tuwirang kahulugan, konotasyon ay pansariling kahulugan
 - C. Denotasyon ay pansariling kahulugan, konotasyon ay tuwiran
 - D. Wala silang pagkakaiba
9. Alin ang halimbawa ng pang-uring pamilang na pamahagi?
- A. Isa
 - B. Lima
 - C. Tatluhan
 - D. Sampu
10. Ano ang ipinapakita ng pasukdol na pang-uri?
- A. Pinakamataas na antas ng katangian
 - B. Pagkakapantay
 - C. Paghahambing ng dalawa
 - D. Paglalarawan ng isa

11. Alin ang wastong paggamit ng pang-uring pamilang?

- A. May tatlong mangga sa mesa.
- B. Masarap ang tatlong.
- C. Tatlo masarap ang mangga.
- D. Mangga ang tatlo masarap.

12. Tukuyin ang pasukdol: 'Siya ang ____ sa lahat ng mag-aaral.'

- A. Matalino
- B. Pinakamatalino
- C. Mas matalino
- D. Matalino rin

13. Kung ikaw ay hihiram ng pahayag mula sa tula, alin ang magagamit upang ipakita ang pagmamahal sa pamilya?

- A. Mahal ko ang aking pamilya
- B. Takot ako sa dilim
- C. Mag-isa ako sa bahay
- D. Masarap ang pagkain

14. Anong uri ng pangungusap ang 'Mahal ko ang pamilya ko at lagi ko silang inaalagaan dahil sila ang aking kayamanan'?

- A. Payak

B. Tambalan

C. Langkapan

D. Hugnayan

15. Ano ang pagkakaiba ng tula at kuwentong katatakutan?

A. Ang tula ay patula, ang kuwentong katatakutan ay tuluyan

B. Pareho silang patula

C. Pareho silang tuluyan

D. Walang pagkakaiba

16. Paano naipakita ng tauhan ang kanyang damdamin sa kuwentong 'Aswang sa Baryo Sitenta'?

A. Sa pamamagitan ng kanyang pahayag at kilos

B. Sa pamamagitan ng kanta

C. Sa pamamagitan ng laro

D. Sa pamamagitan ng pagkain

17. Ano ang kahulugan ng langkapang pangungusap?

A. May dalawang sugnay lang

B. Binubuo ng dalawang payak na pangungusap lamang

C. May dalawang sugnay na makapag-iisa at isa o higit pang sugnay na di-makapag-iisa

D. Isang payak na pangungusap

18. Sa iyong palagay, tama ba ang pagiging mapanghusga ng mga tao sa kuwentong katatakutan?

A. Oo, dahil nakakatakot ang aswang

B. Hindi, dahil hindi dapat agad maniwala

C. Oo, dahil dapat matakot

D. Wala lang

19. Ano ang pinakamahalagang pagpapahalaga na itinuro ng tula tungkol sa pamilya?

A. Pagiging matulungin

B. Pagpapahalaga sa pamilya

C. Pagiging malakas

D. Pagiging matalino

20. Gumawa ng pangungusap gamit ang salitang 'tala' sa konotasyon.

A. Ang tala ay maliwanag na bituin.

B. Siya ang tala ng aming paaralan dahil sa kanyang husay.

C. Maraming tala sa langit.

D. Ang tala ay makikita tuwing gabi.

Answer Key

1. B
2. B
3. C
4. C
5. C
6. B
7. C
8. B
9. C
10. A
11. A
12. B
13. A
14. C
15. A
16. A
17. C
18. B
19. B
20. B